PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 48 JANUARY 24 - 30, 2022 10.00

# 600 COVID-19 HOME CARE KITS, IPINAMAHAGI NG DOH SA CAVITE

**Ang Department of Health (DOH) ay nagbigay ng nasa 600 COVID-19 home care kits, na tinatawag na "Kalinga Kits" sa lokal na pamahalaan ng Cavite noong Biyernes.**

Ang bawat kit ay naglalaman ng:

Paracetamol tablets, Vitamin C tablets, Hand sanitizers, Soap, Tissue, Face masks, Disinfectant spray, COVID-19 info sheet




"Ang mangunguna ay local chief executives para sa pagbibigay ng home care kits. Ang DOH we just complement," ani Health Secretary Francisco Duque III.

Sinabi rin ng Kalihim ng Kalusugan na ang Kalinga Kits ay hindi maaaring maglaman ng mga inireresetang gamot, ngunit sa halip ay naglalaman "symptomatic relief medication" at ilang mga "transmission control supplies".

"Kalinga Kits ay supportive and symptomatic treatment, maliban of course may kasamang mask, alcohol/gel, anti cough, lagundi, tablets, paracetamol, bitamina. Di pwedeng lagyan ng antivirals dahil ito ay kailangan ng prescription ng doktor," aniya.

Samantala, sinabi ni Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla na ibibigay nila ang 600 kits sa Southern Tagalog Regional Hospital (STRH) para ipamahagi sa mga isolated patient, at mga residente na nasa home isolation at quarantine.

"Ang Kalinga Kits, i-endorso natin sa STRH para sa mga pasyente nila at probably they can give some to constituents in the local isolation facility na may mild cases," pahayag ni Revilla.

"Isasabay po namin sa relief distribution ng naka-home isolation dahil marami sa kanila na kailangan gamot at di makalabas, yun ang ipaprioritize natin na naka home isolation," dagdag niya.

## 'HOSPITAINER' SA BACOOR, TUGON SA TUMATAAS NA KASO NG COVID-19 SA CAVITE






Ginawa ngayong dagdag pasilidad ng Southern Tagalog Regional Hospital (STRH) ang mga container van sa Bacoor City, Cavite bilang 'decongestation' sa mga ospital sa gitna ng pandemya.

Ang 'hospitainer' na kasalukuyang matatagpuan sa STRH ay mayroong 24-bed isolation facility, 12-bed ICU, command center, telemedicine office, triage area, swabbing station, at guard house.

Ito ay binuo matapos na makapagtala ng pagtaas sa mga panibagong kaso ng COVID-19 sa buong bansa lalo na sa NCR at mga kalapit probinsya nito tulad ng Cavite.

Ang mga karagdagang kama sa bagong bukas na 'hospitainer' ay inaasahang makatutulong upang magkaroon ng dagdag kapasidad sa mga ospital.

# Cayetano calls for increased testing, tracing for Omicron

**Former Speaker Alan Peter Cayetano on Tuesday called on the national government to ramp up its COVID-19 testing and contact tracing efforts and change its mindset towards the pandemic.**

In a media interview on January 11, 2021, Cayetano said the national government needs to revisit its COVID-19 response and act as if the country is confronting an emergency everyday while the pandemic has not yet subsided.

"We have to act, kahit na matagal na, na it's an emergency. For example, yung testing at contact tracing, alam na nating gumagrabe ang sitwasyon, bakit 'di natin palawakin ito nang napakabilis?" he said.

"We have to change our mindset, na we're living with this pandemic. Hindi yung iniisip ng gobyerno parati, kailan ba matatapos ang pandemic?" he added.




(While this has been going on for some time now, we have to act like it's an emergency. For example, with regards to our testing and contact tracing programs, we know that the situation is already getting worse. Why can't we expand these programs? We have to change our mindset, we have to accept that we're living with this pandemic. For its part, the government shouldn't be stuck with the

(See Page 4)

## MGA ALAGANG ASO SA CAVITE NA NAGDARASAL BAGO KUMAIN, VIRAL



Kinagiliwan ng mga netizen online ang viral video ng mga alagang aso na tila nagdarasal bago kumain sa Imus, Cavite.

Sa nasabing video ni Fernando Bote Jr., fur-parent, mapapanood ang tila taimtim na pakikinig sa dasal ng kaniyang mga alaga.

Kwento ni Fernando, una niyang naturuan ng ganitong pag-uugali ang asong si Barako na nakahawak pa sa kaniya at nakayuko habang nagdarasal.

Kumpleto umano palagi ang pamilya ni Barako sa pagkain.

"Kada kakain po, habang ngdadasal po si Barako, naghihintay naman po ang iba at pakiwari ko ay nakikinig po sila," kuwento ni Fernando.

Aniya, ito rin ang kaniyang paraan upang ipagpasalamat ang mga natatanggap na biyaya lalo't kasama talaga sa kanilang budget sa pamilya ang kanilang mga alaga.

"Sana po makapagbigay po kami ng inspirasyon sa lahat po ng mga fur-parents. Mahalin po natin kahit anong lahi pa ang ating mga alaga," pagbabahagi niya.

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com

# Bawas Stress: Mabisang Paraan

## Payo ni Doc Willie Ong

Kung ang inyong buhay ay nagiging masyadong komplikado gumawa ng mga paraan para ito ay gaming simple. Inirerekomenda ng mga eksperto ang ilang mga paraan para mabawasan at makontrol ang stress.

1. Ihiwalay ang malaking gawain sa mas maliit na gawain. Kung ang inyong mga gawain ay masyadong marami hatiin ito sa maliliit na gawain at gawin ito ng paisa-isa. Panatilihin na nakatuon ang isip sa mga gawain na ginagawa sa halip na isipin ang mga susunod pang mga gawain.

2. Matutunan na tumanggi, kung nakararamdam ng sobrang tuwa sa inyong personal at propesyonal na responsibilidad, subukan na umurong at pag-isipan ng mabuti kung ano ang aalisin.

3. Magkaroon ng maiksing pahinga habang nagtatrabaho. Tumayo sa iyong lamesa at mag-unat, o gamitin ang iyong lunch break para maglakad sa park.

4. Palitan ang inyong araw-araw na pressure ng physical na gawain. Ang healthy lifestyle ay ang iyong mabuting depensa panlaban sa stress. Sundin ang balanced diet, limitahan ang pag-inom ng kape at alak at kumuha ng sapat na tulog.

5. Ibahagi ang iyong nararamdaman. Kumausap sa inyong matalik na kaibigan o miyembro ng pamilya, ang mga malulungkot na tao ay mas nakararanas ng stress at hindi malusog na pangangatawan.

6. Subukan ang meditation. Ang meditation ay nagpapataas ng immune function, nakabababa ng pangamba, at tumutulong na mas maka-isip na mga kapaki-pakinabang na bagay.

7. Sa bawat araw gawing sentro ang iyong sarili, Sa halip na bumangon agad sa kama, isipin ang mga bagay na mayroon ka o mga dapat na ipagpasalamat, o kaya naman ay magbasa ng maaaring makapagpa inspire sa iyo na kung ano ang kabuluhan ng buhay.

Binibigyang diin ang pagkakaroon ng payapang isip ang dapat unahin. Kung nawala ito sa iyo, gumawa ng paraan na maibalik ito. Mag-meditate, tawagan ang ilang kaibigan o kaya naman ay maglakad ng 30 minuto. Maibabalik mo ang iyong lakas at pagkatapos ay makapagta-trabaho ka na ng mas epektibo.

Ang iba't ibang paraan para sa stress ay gumagana sa iba't ibang tao. Subukan ang iba't ibang paraan para malaman kung ano ang mas babagay sa iyo. Ang mas importante ay gumawa ng mga bagay, o kahit na anong bagay na makapagpapalibang sa iyo at makatatanggal ng stress.




# EDITORIAL

## Panahon ng pamemeke

Nagsulputan ang mga namemeke ngayon ng iba't ibang produkto na may kinalaman sa pandemya. Sinasamantala ang pagkakataon para makakamal ng pera. Ginagawa ang lahat para maka-panloko ng kapwa.

Nang mag-panic buying ang mga tao sa mga gamot para sa ubo, sipon at lagnat, biglang naubos ang mga ito sa botika. Iglap naglabasan ang mga counterfeit medicines. Kahun-kahon na gamot para sa lagnat, sipon, ubo at diarrhea – pawang sintomas ng COVID-19 ang naglabasan. Kaparehung-kapareho ng mga gamot na mabibili sa botika kaya mahihi-kayat ang mga tao. At bukod doon, mas mura ang mga ito kaysa sa mga gamot na nasa lehitimong botika.

Noong nakaraang Lunes, nakakumpiska ang mga pulis ng mga pekeng gamot para sa lagnat at ubo sa Bgy. Holy Spirit, Quezon City na nagka-kahalaga ng P109,000. Dalawang lalaki ang nahuli sa isinagawang entrapment operation dakong alas nuwebe ng gabi. Nakatanggap ng sumbong ang mga pulis na dalawang lalaki ang nagbebenta ng mga pekeng gamot na kinabibilangan ng para-cetamol, mefenamic acid, solmux, amoxicillin tri-hy-drate, amlopidine besilate, losartan at loperamide. Ang mga gamot ay nakalagay sa 30 kahon. Kinumpiska rin ng mga pulis ang dalawang van ng mga suspect na pinagsakyan ng mga pekeng gamot. Sinampahan ng paglabag sa RA 8203 (Special Law on Counterfeit Drugs.

Nang araw ding iyon, nahuli rin ng mga pulis sa Bgy. Krus na Ligas, Quezon City ang dalawang lalaki na nagtitinda ng antigen rapid test kits na nagkakahalaga ng P2 milyon. Ang mga test kits ay nakalagay sa 300 boxes. Ang mga suspect ay kabilang sa mga sindikato na naka-base sa Sta. Cruz, Manila na noon ay nasangkot na sa illegal sale ng COVID-19 Clungene test kits. Sinampahan na ng kaso ang mga suspect.

Panahon ng pamemeke at tiyak na ang penepeke na ngayon ay ang vaccination cards. Mahigpit nang ipinatutupad ang "no vaccine, no ride" policy kaya sasamantalahin ito ng mga namemeke. Madaling pekein ang vaccination cards kaya nararapat na maging alerto ang PNP.

Huwag hayaang mamayagpag ang mga name-meke sa panahong ito. Kakalat ang virus dahil sa masamang gawaing ito.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## LETGA - GOV. JONVIC REMULLA



"The opposite of love is not hate … it's indifference."

- Elie Wiesel, Nobel Laureate

Bago ang lahat, eto muna ang ating Pareng Omeng Updates:

1. 2,393* new cases as of 3PM, January 17, 2022;

2. There was only one (1) reported COVID death from December 1, 2021 to January 16, 2022;

3. Cavite's vaccination rate is now at 78%

*Source Department of Health CHD 4A as of 3PM, January 17, 2022

Samantala …

Maraming letga sa huling post ko kung saan sinulat ko na mananalo si BBM sa Cavite.

Maraming letga sa aking pananaw na ginuhit ng tadhana na maging Pangulo si BBM.

Maraming letga sa aking impresyon na panahon na ni BBM bilang susunod na lider ng bansa.

To all those who reacted (special mention to the first time visitors of the page who dropped by just to make their feelings known), let me make one thing clear: I am owning up to my words. I will never apologize to anyone for what I wrote or what I believe is the most likely outcome.

Bilang isang pinuno, mabuting marinig at malaman ko lahat ng panig sa diskursong pulitika.

I welcome hearing all sides – even with the extreme emotions and expletives.

It only proves one thing: We all care about our country.

Sa galit at gayak pa lang ay nakikita ko na marami pa rin ang nagmamahal sa bansa.

To everyone, thank you very much for the feedback. It gives me a great sense of hope that our love for the country remains steadfast and the virtues we want in our leaders are precise and clear.

Let the final arbiter be the people.

Meanwhile, everyone is free to choose sides.

Let's choose the issues that matter. Most importantly, let us choose our leaders wisely.


Every vote counts. For every vote is a win for our democracy. It's a win for our future.

TINGNAN: Isang bagong patrol car ang ipinagkaloob sa Rosario Municipal Police Station kamakailan, na pinangunahan ni Mayor Jose Volataire V. Ricafrente.

Source/Photos: Pulis Rosario (FB)










Mga bagong bagong laparoscopic surgical instruments dumating sa Ospital ng Imus (ONI) kamakailan.

Ang mga nasabing kagamitan ay idadagdag sa operating room ng nasabing pasilidad.

Bukod dito, mayroon ring mga bagong wheelchair na dumating sa ospital mula sa donasyon ng Pitmaster Foundation.

Source/Photos: Emmanuel Maliksi (FB)

Ibinahagi ni Former Silang Mayor Omil Poblete ang kasalukuyang ginagawang "Pagamutan ng Silang".

Ang nasabing pasilidad ay inaasahang magkakaroon ng Emergency Room, Operating Room, Dialysis Center, Ultrasound and X-Ray, Birthing Room, Laboratory Room, In-Patient Rooms, Outpatient Consultation Area at Dental Clinic, ayon kay Poblete.

Source/Photos: Omil F. Poblete (FB)



No Vax, No Ride' ipinapatupad sa pampublikong transportasyon sa Cavite.

Ipinakita ng mga pasahero ng public utility vehicles (UV Express) van ang kanilang vaccination card at valid ID bago sumakay sa pampasaherong sasakyan sa isang terminal sa lungsod ng Bacoor, Martes, Enero 18, 2022.

Ang pagpapatupad ay alinsunod sa provincial ordinance na nilagdaan ng Provincial Board noong Enero 10, 2022 na naghihigpit sa paggalaw ng mga hindi pa nababakunahang indibidwal na kinabibilangan ng No Vaccination, No Travel protocol.

Source/Photos: Dennis Abrina, PIA Cavite





## BABAENG NAGBEBENTA UMANO NG FAKE VAX CARD SA DASMARIÑAS, ARESTADO

Isang babae ang arestado dahil umano sa pagbebenta ng pekeng vaccination card sa lungsod ng Dasmariñas, Cavite.

Batay sa ulat ng Dasmariñas City Police Station, isang tip ang kanilang natanggap mula sa isang concerned citizen ukol sa isang babae na nagbebenta umano ng vaccination cards sa Barangay Salawag.

Matapos nito ay plano ng entrapment operation ang mga awtoridad nitong Lunes ng gabi.

Nahuli ang isang 57-taong gulang na babae sa kaniyang tinitirahan at narekober sa kaniya ang pekeng vaccination card, certificate of vaccination, dalawang P500 na ginamit na pambayad umano sa card.

Haharap siya ngayon sa kasong paglabag sa Mandatory Reporting of Notifiable Diseases Act.

Sa kasalukuyan ay inaalam na ng pulisya kung mayroon pang ibang nabentahan ang babae at kung may iba pa siyang kasabwat.

Source: ABS CBN News


Iba talaga ang ganda ng Cavite! We just need to discover and promote our local tourism. ??

Napuntahan nyo na rin ba ito?

--

?? Calabarzon Road, Magallanes Cavite

?? Wander with Juneth Gomez












## DRUG DEN SA BACOOR, NADISKUBRE SA ISANG DRUG OPS

Isang hinihinalang drug den ang natagpuan kamakailan ng mga awtoridad sa isinagawang drug operation sa lungsod ng Bacoor, kung saan nasakote ang pitong indibidwal kasama ng tatlong misis na naaktuhang bumabatak ng droga.

Ayon sa ulat ng Pilipino Star Ngayon, ang mga suspek ay kinilala bilang sina Manuel Villanueva Aquino Jr. alias "Boy Tawa", 52-anyos na target sa buy-bust operation; Jayson Caeg Alperto, 52, taxi driver, na suki na sa drug den; Jonjip Aquino Arquinez, 42; Guil-lermo Licauan Lorca, 50, tubero; Loida Intena Batal, 36; Mylene Ruda Navarro, 40, salon stylist, at Rachelle Santiago Diocaresa, 37; pawang mga residente ng Brgy. Molino 4.

Sinalakay ng pinagsamang puwersa- ng Philippine Drug En-forcement Agency (PDEA) IV-A, Bacoor Police at Cavite Provincial Drug Enforcement Unit ang bahay ng kanilang target suspect na si Aquino matapos mapag-alamang araw-araw ay maraming itong kliyente na bumabatak pa ng libre sa kaniyang tahanan.

Nakuha mula sa kanila ang 8-transparent plastic- sachet na naglalaman ng 15 gramo ng shabu at nagkakahalaga ng P100,000, tatlong nakabukas na plastic sachet na may mga bakas pa ng shabu, drug pa-raphernalia, isang cellphone at buy-bust money.

Source: Pilipino Star Ngayon

## FDA, NAGBABALA SA MGA BUMIBILI NG HOME ANTIGEN KITS

Nagbigay babala ang Food and Drug Administration (FDA) at ang ilang mga eksperto sa publiko dahil sa nauusong pagbili ng mga self-administered antigen test kit online.

Ang nasabing paalala ay inilabas sa gitna ng mga accreditation process na ginagawa ng FDA upang maaprubahan ang ilang mga brand ng mga test kit.

Ayon pa kay FDA Director General Oscar Gutierrez, malaki ang tyansa na mali rin ang makuhang resulta sa maling paggamit ng mga ito.

"Kapag false negative, false sense of security ang mangyayari. Akala mo ikaw ay hindi ka puwede




makahawa. Kapag false positive naman, unnecessary panic naman po from the part of the patient," ani Gutierrez.

Sa kasalukuyan ay nasa proseso pa ng pag-apruba sa dalawang manufacturer ang FDA.

Payo naman ng biotechnology consultant na si Paolo Cagalingan, kailangang tingnan maigi kung maayos pa ang dessicant o ang maliit na pakete sa loob na may lamang silica gel.

"'Pag yellow pa, nakalagay naman. Kung okay, yellow. Kapag green, hindi na. Maraming tao na hindi nakakaalam diyan kasi hindi natin alam kung maaaring nabasa na 'yung kit o na-expose na sa init kasi dapat nasa 20-30 degrees lang most of the kits," pahayag ni Cagalingan.

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF AN ESTATE AND WAIVER**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **CONRADO QUELIZA VASQUEZ,** who died intestate on March 19, 2018, left a House and Lot located at 266 Ariston Sison St., Seabreeze Subdivision, Cavite City, Philippines covered by TCT No. T-8263 and a parcel of land located in Mariveles, Bataan, Philippines covered by TCT No. T-90209, were Extra-Judicially Settled among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, Edward D. Saucedo, Notary Public, State of California.

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**January 10, 17 & 24, 2022**

# GOV'T EYES NATIONWIDE LAUNCH OF 'RESBAKUNA SA BOTIKA'

The national government aims to expand the "Resbakuna sa Botika" COVID-19 vaccination program nationwide by mid-February, National Task Force (NTF) against COVID-19 special adviser Teodoro "Ted" Herbosa said on Saturday, Jan. 22.

"Resbakuna sa Botika" or COVID-19 vaccinations in selected Metro Manila drugstores, is an initiative of the government in hopes of ramping up the country's inoculation drive, making the vaccines accessible for Filipinos.

"One week itong trial. Sa first week, ang hope namin ay i-expand sa buong National Capital Region (NCR) so lahat ng branches nila [partner drugstores] sa NCR, at by the middle of February ay hopefully, ma-launch na nationwide," said Herbosa in an interview over DZBB.

The National Vaccination Operations Center (NVOC) initially partnered with seven drug stores and clinic networks located in



Metro Manila namely Generika, Healthway, Mercury Drug, QualiMed Health network, Southstar Drug, TGP (The Generics Pharmacy), and Watsons.

Only booster doses for individuals 18 years old and above, except for senior citizens and individuals with comorbidities, were administered in the pharmacies. Pre-registration is required to avoid mass gatherings, said Herbosa.

Meanwhile, Herbosa added that in the near future, an 'administration fee' may be placed when availing COVID-19 vaccinations at drugstores.

"Sa ngayon ay okay sa kanila [partner drugstores] na libre itong proseso na ito, in fact may discount card pa nga kapag nagpabakuna ka sa kanila. Pero may usapan din na kapag dumami na yan [mga magpapabakuna] ay syempre… naging usapan din na baka in the future ay maari bang magpatong ng administration fee," Herbosa said.

Source: Charie Mae F. Abarca/Manila Bulletin
?? Manila Bulletin

# 11 MANUFACTURER NG SELF-ADMINISTERED ANTIGEN TEST KITS, NAGSUMITE NA NG APLIKASYON SA FDA

Naghain na ng aplikasyon sa Food and Drug Authority (FDA) ang 11 na manufacturers ng self-administered antigen test kits ayon sa Department of Health (DOH).

"Meron na pong nag apply sa Food and Drug Administration ng mga home administered kits. Ito po ay




mga manufacturers, 11 na po ang nakapag apply," pahayag ni Undersecretary Maria Rosario Vergeire sa isang media briefing.

Kasalukuyan umanong ine-evaluate ng FDA ang mga testing kits at pagkatapos ay ipapadala ito sa Research Institute for Tropical Medicine (RITM) para sa isang performance validation.

Posible umanong umabot sa 2 araw ang isasagawang validation sa RITM saka ito muling ibabalik sa FDA.

"Usually based on the load of work ng RITM, although they were instructed to prioritize this, it will take them about two days no, or 48 hours for them to finish a performance validation for a specific kit," ani Vergeire.

"Sabihin po natin that within seven to ten days lalabas ang registration o certification nitong mga home administered test kits na napapasa sa standards ng RITM at saka ng FDA," dagdag pa nito.

Samantala, sinabi rin ni Vergeire na pinaplano ng pamahalaan na mapababa ang presyo ng mga self-administered antigen test kits sa pamamagitan ng pagtatakda ng price cap sa mga ito.

Aniya, nakikipag-ugnayan na ang DOH sa DTI kaugnay ng itatakdang price cap.

Source: RMN News
?? Halifax News

## MGA PARTE NG KATAWAN NG TAO, NAHUKAY SA CONSTRUCTION SITE SA CALAX EXPRESSWAY

Nahukay ng mga trabahador ang ilang parte ng katawan ng tao sa construction site ng ginagawang CALAX Expressway sa Brgy. Navarro, General Trias City, Enero 19, 2022.

Batay sa naging ulat ng pulisya, nagulat ang mga nagtatrabaho sa nasabing site matapos na madiskubre ang mga parte ng katawan bandang alas-11 ng umaga sa kahabaan ng pampang ng Ylang Ylang River.

Sa naturang lugar umano sana magtatayo ng barracks ang mga manggagawa para sa kanilang ginagawang expressway.

Ayon sa mga awtoridad, malamang ay ibinaon sa lugar ang katawan na posibleng naging biktima ng pagpatay.

Sa kasalukuyan ay inaalam pa ang pagkakakilanlan sa biktima.

Source: Pilipino Star Ngayon






## Abandoned and creepy.

Alam mo ba kung saan sa Cavite makikita ang abandonadong bahay na ito? Ayon sa ilang mga Caviteño, ang nasabing bahay na bato ay ginawa pa noong 1950's.









# PRIVATE SCHOOLS APPEAL TO GOV'T: WE NEED DOLE 'AYUDA' NOW

An association appealed to the government to allow private schools to benefit from "ayuda" offered by the Department of Labor and Employment (DOLE).

Federation of Associations of Private Schools & Administrators (FAPSA) President Eleazardo S. Kasilag on Saturday, Jan. 22, said that while the group lauds the P1-billion COVID Adjustment Measure Program (CAMP) of DOLE, more consideration should be given to private schools that continue to feel the impact of the coronavirus disease (COVID-19) pandemic.

Under Department Order No. 232, CAMP is considered as a "safety net program that provides a one-time financial assistance to affected workers in the formal sector due to the COVID-19 pandemic and declaration of Alert Level 3 or higher in various areas in the country."

Citing DOLE Assistant Secretary for the Employment and General Administration Cluster Dominique Tutay, Kasilag noted that those who already benefited from the CAMP during the implementation of Bayanihan 1 and 2 are "excluded" from the CAMP 2022.

DOLE, however, is open to "evaluating" if a worker who previously received a one-time P5, 000 cash can still avail of the latest cash assistance.

Kasilag said that FAPSA is aware that DOLE exempts private schools from being recipients in November 2022. "But it has to be understood that small private schools are in the worst situation now," he explained.

"The school owners had been operating in a bankrupt position but had to hang on to dear life to save teachers, who also have nothing to cling to," Kasilag said. "We need this DOLE 'ayuda' now," he added.

However, Kasilag pointed out that big schools under FAPSA are "not included" in this appeal.



"FAPSA schools are the small and medium-sized schools and do not charge high fees," Kasilag said.

He noted that big schools, even at this time, are still able to make both ends meet. However, Kasilag added that "small schools live on fees and there are only around 2,000 of us in the NCR [National Capital Region] but as many as 6,000 in the country."

Kasilag said that "so many schools now implement a no work, no pay policy as a last-ditch effort because of an already retrenched working arrangement to avoid school permanent closure."

He added that parents from small schools have "stopped paying" because they have been laid off while teachers slashed pay is also at its "worst."

Kasilag lamented that schools in the NCR have suspended operations temporarily for weeks this January as a health break because teachers and students have been sick.


"Our teachers are aware that this is a 'no-work, no-pay' scenario," he said.

Despite this, Kasilag said that some local government units (LGUs) also declared suspension for additional weeks.

"Public school teachers are luckier because the government continues to pay them," Kasilag said. "But our teachers in the private schools are no longer eating," he added.

Meanwhile, FAPSA appealed to Senator Win Gatchalian, chair of the Edu-

# PEKENG VACCINATION CARDS, PINAGHAHANAP NGAYON NG PNP




Naglunsad kamakailan ang pulisya ng paghuli sa mga gumagamit ng pekeng COVID-19 vaccination card, at nagbabala sa kanilang agarang pag-aresto at 'criminal prosecution'.

"Don't ever attempt to falsify the vaccination card or else you'll face raps," pahayag ni Philippine National Police (PNP) chief Gen. Dionardo Carlos.

Matatandaan na matapos sumailalim sa Alert Level 3 ang kalakhang Maynila at mga kalapit probinsya nito, hinikayat ng pamahalaan ang publiko na magdala ng vaccination card kapag lalabas ng tahanan para sa mas madaling access sa mga establisyimento o pampublikong transportasyon.

Ngunit dahil hindi pa rin maabot ng gobyerno ang isang malaking bahagi ng populasyon, marami ang naiulat na gumamit ng mga pekeng vaccination card upang maiwasan ang 'quarantine restrictions' at 'border controls'.

Isang halimbawa na binanggit ni Gen. Carlos ay ang pag-aresto sa dalawang katao sa Cotabato na nagpakita ng pekeng vaccination card sa isang checkpoint.

Ang mga mahuhuling gumagamit ng pekeng vaccination card ay maaaring makulong ng isang buwan hanggang anim na buwan at may multa na P20,000 hanggang P50,000 sa ilalim ng Republic Act 11332 o ang Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act.

"Since more local government units (LGUs) are now under stricter restrictions, chief executives may opt to implement the 'no vaccination, no entry' policy in establishments or entry points, including checkpoints," dagdag ni Carlos.

Samantala, tiniyak naman ni Carlos ang pagbibigay tulong ng pulisya sa mga LGU para sa pagpapatupad ng mga panuntunang kinakailangan sa ilalim ng Alert Level 3 status.

"This will give ample time for us to stabilize the situation. With more restrictive guidelines, the public will be discouraged from going outside for non-essential purpose," pahayag niya.

"This will also help our law enforcers in monitoring the movement of people," pagpapatuloy pa niya.

**AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **FELICIDAD RAMOS TE,** who died intestate on May 7, 2016 at Cavite City, left two (2) parcels of land both located at the City of Cavite, Philippines, covered by TCT No. T-15639 (202 sq. m.) and TCT No. T-18884 (249 sq. m.), were Extra-Judicially Settled among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava, under Doc. No. 195, Page No. 39, Book No. XX, Series of 2021.

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**January 10, 17 & 24, 2022**

**AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION AND UNDERTAKING**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **CONRAD I. BARRA,** who died intestate on October 23, 2020, left a house located in 731 R. Basa St., San Roque, Cavite City, as well as the parcel of land on which it stands, covered by Transfer Certificate of Title Nos. T-18326 and T-18327, were Extra-Judicially Settled among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before Notary Public Atty. Rene G. Pilapil Jr., under Doc. No. 373, Page No. 76, Book No. III, Series of 2021.

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**January 10, 17 & 24, 2022**




## GUHIT NG KAPALARAN

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Darating ang iyong mahal, kaya masaya ka. Matutuloy ang planong agpapakasal kung mapapatunayan sa sarili na mahal ka rin niya. Ang agam-agam ay isantabi muna, i-enjoy ang moment sa piling ng iyong mahal. Lucky numbers at color for the day ang 16, 28, 33, 56, 45 at sunflower yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Ang kailangan ay matutugunan, isang matagal nang kaibigan ang magsisilbing support line. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 21, 16, 37, 52, 47 at scarlet red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Itigil ang tsismisan kung gusto mong matapos ang mga gawain. Pansinin din ang effort ng kapwa, huwag puro pagkakamali. Lucky numbers at color for the day ang 32, 12, 47, 56, 26 at electric blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Maa-approve na ang license para makapag-operate. Increasing ang kita, ingat lang sa pagkakatiwalaan. Lucky numbers at color for the day ang 45, 39, 56, 23, 55 at lavender.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Purihin ang performance ng kasama. Maaakit ang cooperation on-time at matatapos ang iyong production. Lucky numbers at color for the day ang 15, 45, 26, 32, 55 at electric blue.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Hindi maitatago ang kaligayahan sa nag-la-landas na magandang kita. Lamang ka na sa mga kakompetensiya. Lucky numbers at color for the day ang 12, 45, 31, 52, 26 at tangerine.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Wonderful ang buhay mo ngayon dahil unti-unting nakukuha ang mga hinahangad. I-ngatan lang ang health. Lucky numbers at color for the day ang 46, 35, 58, 17, 28 at cloud white.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Matatanggap ang iyong dream job at sumusundot sa kalooban ang pagtanggap ng oportu-nidad sa abroad. Lucky numbers at color for the day ang 15, 23, 59, 36, 45 at vanilla brown.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Amazing ang buhay mo sa piling ng mga right people. Dara-ting on time ang lahat ng kailangan. Lucky numbers at color for the day ang 36, 21, 16, 47, 55 at ruby red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Matatanggap ang inaasahan. Kumakaway na ang magandang bukas. Makakaahon ang kabuhayan. Lucky numbers at color for the day ang 35, 45, 57, 28, 33 at emerald green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Mahahabol ang mga requirement na kaila-ngang masumite. Kung may dapat ihayag, gawin na. Lucky numbers at color for the day ang 36, 52, 22, 18, 48 at shocking pink.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang iyong bagong negosyo ay increasing at tuloy-tuloy na dadaloy ang biyaya, kahit may pasaway. Lucky numbers at color for the day ang 47, 32, 56, 26, 12 at apple green.

ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

## SOUTH KOREA OFFERS SCHOLARSHIP, EXCHANGE PROGRAMS

The South Korean Government has expressed its intention to pursue scholarship and exchange programs for the descendants of Korean war veterans in the Philippines.

In a meeting in Seoul, South Korea on Jan. 17 with Philippine Ambassador to South Korea Ma. Theresa Dizon-De Vega, Minister Hwang Ki-Chul of the Ministry of Patriots and Veterans Affairs (MPVA) expressed hopes in carrying out their program that will benefit descendants of Philippine Expeditionary Force to Korea (PEFTOK) veterans.

According to De Vega, Hwang "is very fond of the Filipino people, especially Korean War veterans and takes great interest in the education and welfare of their descendants."

"As part of their program, the MPVA hopes to visit the Philippines to pursue scholarship and exchange programs for the descendants of PEFTOK veterans, as well as provide medical supplies and equipment to hospitals established for veterans and the military," De Vega said.

Hwang stated their intention to implement such initiative as he paid tribute to the contributions of Filipinos during the Korean War and highlighted the enduring and historic partnership between the Philippines and the Republic of Korea and the shared values between their peoples.



De Vega also conveyed her appreciation to the MPVA for their "strong and consistent support for the Philippines-Republic of Korea defense and security partnership."

The Philippines was the first Asian country to respond to the call by the United Nations Security Council (UNSC) to send combat troops in the defense of South Korea from the invasion of the North. PEFTOK was composed of 7,420 soldiers and their bravery and combat proficiency stood out especially during the Battle of Yuldong and the Battle of Eerie Hill. PEFTOK casualties included 116 killed in action, 299 wounded in action, 57 missing in action and 41 repatriated prisoners of war.

Source: Betheena Unite/Manila Bulletin

## DEPED TO INCLUDE MORE GRADE LEVELS IN EXPANDED FACE-TO-FACE CLASSES

As it prepares for the expansion phase of limited face-to-face classes in basic education, the Department of Education (DepEd) is planning to include learners in other grade levels in the limited in-person sessions.

In an interview over dzBB, DepEd Undersecretary Nepomuceno Malaluan gave updates on the planned expansion of limited face-to-face classes amid the COVID-19 pandemic.

He mentioned that among the possible features of the expanded face-to-face classes is the inclusion of students coming from different grade levels.

"Ibubukas na ito sa (this will be opened) to more grade levels and more geographic areas," Malaluan said.

When DepEd implemented the pilot run of limited face-to-face classes in November, Malaluan said that only Kinder to Grade 3 learners for Elementary and those who need laboratory in Senior High School (SHS) under technical-vocational livelihood (TVL) track were allowed to participate.

Learners in Grades 4 to 6 (Elementary) and those in Grades 7, 8, 9, and 10 (Junior High School) were not included in the pilot implementation of limited face-to-face classes.

"Ang ating rekumendasyon dito sa expanded face-to-face classes ay nakabatay sa naging resulta ng ating pilot face-to-face," Malaluan said.

He explained that areas under Level 3 — which include Metro Manila, among others — will not be allowed to expand face-to-face classes yet.

Malaluan explained that there are two parameters on the expanded face-to-face classes.

"Una ay ang aspect ng readiness ng paaralan na tumupad sa protocols batay doon sa guidelines ng DepEd at DOH at iyon ay makita natin na it is working during the pilot phase," he said.

The second parameter, Malaluan said, is the COVID-19 risk assessment which is based on the alert level system.

DepEd said that the pilot run, which included 100 public schools and 20 private schools, was designed to focus on younger children as advised by health experts and the Department of Health (DOH).

The pilot run of limited face-to-face classes was participated by 15,683 learners in 287 public and private schools nationwide from Nov. 15 to Dec. 20, 2021.

Last year, DepEd said that the expansion phase of face-to-face classes will start this month.

However, due to the surge in coronavirus disease (COVID-19) cases driven by the Omicron variant, DepEd was advised by the Inter-Agency Task Force (IATF) and DOH to put its expansion plans on hold.

During President Duterte's Talk to the People early this week, Education Secretary Leonor Briones reported to the President the "successful implementation" of the pilot face-to-face classes.

Briones also reiterated the plan of DepEd to push through with its expansion phase in February but only in Levels 1 and 2 areas. DepEd said that only vaccinated learners and teachers against COVID-19 would be allowed to participate.

Source: Merlina Hernando-Malipot/Manila Bulletin

?? Philippine Star

Angel's
HAMBURGER
Ang Burger ng Bayan

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 48 JANUARY 24 - 30, 2022 10.00

# HOUSE OKS DISCOUNTS IN WATER, ELECTRIC BILLS FOR ELDERLY

The House of Representatives on Monday unanimously approved on final reading a measure increasing the discount granted to senior citizens on their monthly electric and water consumption and exempting such bills from value-added tax.



With 203 affirmative votes, zero negative votes, and no abstention, the chamber passed on third and final reading House Bill 10568, which would amend Republic Act 7432 or the Expanded Senior Citizens Act of 2010.

The bill proposes to raise the rate of discount granted to senior citizens on their monthly electric and water consumption from the present 5 percent to 10 percent.

Albay Rep. Joey Salceda, chair of the House Committee on Ways and Means, said the exemption would still be subject to a cap on consumption, but for electricity consumption, the limit is also increased in the bill from 100-kilowatt hours to 150. The cap on water is kept at 30 cubic meters.

Salceda said the measure contains a safeguard against abuse.

"The measure explicitly states that the senior has to be living in the household subject to the exemptions and discounts," he added.

The bill directs the National Commission of Senior Citizens, in consultation with the Energy Regulatory Commission, Metropolitan Waterworks and Sewerage System and other concerned utility regulatory agencies, as well as national organizations of senior citizens, to promulgate the necessary rules and regulations for the measure.

Senior Citizens Party-list Rep. Rodolfo Ordanes, meanwhile, urged his colleagues to continue giving the country's 10 million elderly institutionalized relief in basic social services.

"This is our continuing response on rising to the challenge of coming up with important legislative initiatives that will significantly affect the lives of our marginalized elderly, and bridge their participation and access to the benefits of a sustained and improved quality of life," he said.

Ordanes said aside from the bigger discounts, the proposal would remove the value-added tax on electricity and water bills that are registered under the name of senior citizens.

Source: Filane Mikee Cervantes/Philippine News Agency

## 'DOUBLE MASKING', INIREREKOMENDA NG DOH

Hinikayat ng Department of Health (DOH) ang publiko na magsuot ng dobleng face mask o mask with high filtration sa gitna ng banta ng mas nakakahawang Omicron variant bansa.

"Hinihikayat po natin ang lahat ng ating kababayan na mag double mask upang ma-maximize ang filtration at ang protection," pahayag ni Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire sa isinagawang briefing sa palasyo.



"Atin pong siguraduhin na hindi maluwag at tama ang fit ng mask na atin pong susuotin (ensure that the mask is fit and not loose)," dagdag pa nito.

Aniya, mas makakabuti rin ang pagsusuot ng surgical face mask sa ilalim ng cloth face mask bilang dagdag na proteksyon sa sakit.

Inabisuhan din ni Vergeire ang publiko na ireserba na lamang sa mga healthcare workers ang N95 o KN95 face masks na mas mataas ang filtration kumpara sa ordinaryong surgical o cloth face mask.

Mas mababa umano ang tyansang mahawa sa COVID-19 ang mga mamamayang gumagamit ng KN95 o N95 face masks.

"Moderate risk naman po ang ating makukuha kung fitted na cloth mas o mask na gawa sa tela ang ating soot. High risk po kung maluwag ang pagkakasoot ng ating mask… at pinakamataas po at highest risk kung hindi tayo mag sosoot ng mask," pagpapatuloy ni Vergeire.

Inirerekomenda rin ng DOH na palitan kada anim (6) na oras ang mga surgical masks habang ang mga cloth face masks naman ay dapat labhan pagkakatapos gamitin.

## ONE-TIME FINANCIAL ASSISTANCE MULA SA DOLE, IPAGKAKALOOB SA MGA MANGGAGAWANG APEKTADO NG ALERT LEVEL 3

Nilagdaan na ni Labor Secretary Silvestre Bello III ang bagong guidelines ng Coronavirus Disease (COVID-19) Adjustment Measure Program (CAMP) na naglalayong makapagbigay ng tulong pinansyal sa mga manggagawang apektado ng umiiral na Alert Level 3 sa bansa.

Sa ilalim ng kautusan, makakatanggap ng P5,000 one-time financial assistance ang mga manggagawa mula sa pormal na sektor na nawalan o nasuspinde ang pagtatrabaho dahil sa epekto ng ipinatutupad na mas mahigpit na Alert Level 3 o mas mataas pa.

Ayon din sa kautusan, maaari ring makatanggap ng tulong pinansyal ang mga manggagawa mula sa pribadong sektor sa mga lugar kung saan idineklara ang Alert Level 3 o mas mataas mula Enero 2022 pataas.



Kinakailangan lamang isumite ng mga apektadong establisyemento ang iba't ibang requirements o dokumento tulad ng ulat ng pansamantala o permanenteng pagsasara at payroll na sumasaklaw sa Enero 2022.

Ayon sa DOLE, maaaring ma-reject ang aplikasyon kung ang manggagawa ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng tulong kung ang mga dokumentong isinumite ay mali ang pagkatawan o palsipikado.

Samantala, ang mga manggagawang inaprubahan upang makatanggap ng ayuda ay bibigyan ng 30 araw upang i-claim ang cash benefit. Kung hindi to makuha sa loob ng 30 araw, ang nasabing ayuda ay ibibigay sa iba.

Kamakailan ay inanunsyo ng Kagawaran na nasa P1 bilyon ang nakalaang pondo para sa pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga manggagawang apektado ng pandemya.



P5.36 bilyong halaga ng iligal na droga at expired na gamot, na narekober mula sa iba't-ibang operasyon, ang winasak ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) sa isang waste management facility sa Trece Martires, Cavite, Enero 20.